Ang Daan ng Kaligtasan

(Ipinaliliwanag ni Jesus ang Kanyang Ebanghelyo)

Panimula

- Wala nang talata yata sa buong Kasulatan ang lumalaban sa madaliang uri ng pananalig, na itinuturo ng makabagong panahon, nang may hihigit pang lakas kaysa sa Mateo 7:13-14. Ito ang pagtatapos ng Sermon sa bundok, at dito ipiniprisinta ng Tagapagligtas ang daan ng kaligtasan.
  - Ang laking kaibahan nito mula sa nauusong paraan ng pagbabahagi ng Mabuting Balita!
  - Hindi ito nanghihimok sa mga taong nag-aakalang maaari silang maligtas ng mababaw na pagtanggap ng mga impormasyon tungkol kay Jesu-Cristo: *"Pumasok kayo sa makipot na pintuan; sapagkat maluwag ang pintuan at malapad ang daang patungo sa kapahamakan, at ito ang dinaraanan ng marami. Ngunit makipot ang pintuan at makitid ang daang patungo sa buhay, at kakaunti lang ang nakasusumpong niyon."*
- Winawasak ng talatang ito ang sinasabi ng iba na ang Sermon sa Bundok ay hindi ebanghelyo kundi kautusan.[1]
  - Ibinabagsak din nito ang pala-palagay na ang Sermon sa Bundok sa isa lamang diskurso tungkol sa kabutihang asal na dapat lamang basahin at hangaan.
  - Binubura rin ng mga paghamon ni Jesus ang posibilidad na ang Sermon sa Bundok ay katotohanan para sa darating na inihulang panahon; Nangangaral si Jesus sa mga taong naririto at nasa ngayong kapanahunan, at ang Kanyang mensahe ay nag-aapura na.
- Di maiiwasan na kinakailangang pumili ang tao. Nagpakita ang Kasulatan ng ganitong pagpipili sa iba't ibang paraan.
  - Pinapili ng Diyos ang Israel sa pamamagitan ni Moises (Deutoronomio 30:19).
  - Hinamon ni Josue ang mga Israelita nang sila'y papasok na sa Lupang Ipinangako (Josue 24:15).
  - Sa Bundok ng Carmel, pinapili ni Elias ang mga tao (1 Hari 18:21).
  - Inutusan ng Diyos si Jeremias na sabihan ang Israel (Jeremias 21:8).
- Kung anong gagawin natin kay Jesu-Cristo ay isa ring pagpipili na dapat gawin ng bawat tao, ngunit ito'y hindi isang biglaang desisyon.
  - Ito'y minsan lamang na hatol na may kasamang patuloy na implikasyon at pangwalang-hanggang mga kahihinatnan --- ang pangwakas na desisyon.
  - Si Jesus mismo ang nakatindig sa pinakabuod ng kapalaran ng bawat tao at hinihingi Niya ang isang diretsahang pagpili ng buhay o kamatayan, langit o impyerno.
  - Dito, sa hangganan ng lahat ng Kanyang sinabi sa Sermon sa Bundok, hinihingi ng Panginoon na ang bawat tao ay pumili sa pagitan ng pagsunod sa sanlibutan sa daang madali at dinaraanan ng nakararami o pagsunod sa Kanya sa mahirap na daraanan.
- Lahat tayo'y nasa krus na landas at pinapipili Niya tayo.
  - Narito ang dalawang pintuan, ang maluwag at makipot; dalawang daan, ang malapad at makitid; dalawang patutunguhan, buhay at kapahamakan; at dalawang pangkat ng mga tao, ang kakaunti at ang nakararami.
  - Ipinakilala rin ng Panginoon ang dalawang uri ng mga puno at ang kanilang mga bunga, mabuti at masama; dalawang uri ng taong nagtatayo ng bahay, matalino at hangal; at ang dalawang uri ng pundasyon, bato at buhangin (Mateo 7:13-27).

Pagtalakay

I. Ang Dalawang Pintuan

A. Pumasok sa Tamang Pintuan

1. Ang pangungusap ni Jesus ay pautos at kinakailangang aksyunan ngayon din. Hindi sapat ang tumindig lang at sipat-sipatin ang pintuan --- kailangang ito ay pasukin.
2. Mahalaga ring pasukin ang tamang pintuan. Iisa lamang ang pintuan na patungo sa makipot na daan.
   a. Ayon sa Juan 10:9, Si Jesus ang pintuan, at magnanakaw ang di dumaraan sa pintuan (Juan 10:1);
   b. Sa Juan 14:6, sinabi ni Jesus na Siya ang daan, katotohanan at buhay at ayon sa Mga Gawa 4:12 ay wala nang iba pang pangalan na maaaring makapagligtas sa tao (cf. 1 Timoteo 2:5).
3. Dalawa lamang ang pagpipilian. Wala nang ikatlo. Wala nang ibang mabuting relihiyon; nag-iisa lamang ang tama.

[1] Charles C. Ryrie, *Dispensationalism Today* (Chicago: Moody Press, 1965), 108. He writes, "Where can one find a statement of the gospel in the sermon?… A plain statement of the gospel [cannot be found] in the Sermon."

B. Lahat ng Relihiyon sa Sanlibutan ay Batay sa Magagawa ng Tao

1. Tanging makaBibliang Cristianismo ang nagtuturo na ang tanging batayan ng kaligtasan ay ang ginawa ng Diyos, ang gawain at sakripisyo ni Cristo para sa tao.
   a. Ayon sa 1 Corinto 15:3, ang kamatayan ni Cristo sa krus ang nakapagbayad sa utang ng tao sa kanyang kasalanan;
   b. At sa t. 20 sinasabi na ang Kanyang pagkabuhay na mag-uli ay nagpapahayag na napagtagumpayaan na Niya ang kamatayan.
2. Ang kaligtasan ay hindi isang sistema ng palakasan, kung saan ang tao ay maaaring makakuha ng pabor sa Diyos.
   a. Walang sinuman ang makagagawa ng sapat na mabuting gawa upang maging kalugod-lugod sa Diyos (Roma 3:10-18).
   b. Kahit nga ang Batas ni Moises ay hindi nagawang maging matuwid ang mga tao; ito'y ibinigay upang maipakita kung gaano tayo kasama at katigas ang ulo (t. 20).
   c. At tulad ng nabanggit sa nakalipas nating pag-aaral, ipinapataw ng Diyos sa mga sumasampalataya ang katuwiran ni Cristo ayon sa Kanyang kagandahang-loob (t. 21-24).
3. Kaya ng pagpipilian ay sa gitna ng mga relihiyong batay sa gawa ng tao at sa iisang relihiyon ng gawain ng Diyos.
   a. Ganito ang sinasabi ng Kasulatan: *"Ang ibinibigay sa taong gumagawa* [sinumang pipili sa relihiyon ng gawa ng tao] *ay hindi ibinibilang na kaloob kundi upa*[2]*. Datapwat ang hindi gumagawa kundi nananalig sa Diyos na nagpapawalang-sala sa makasalanan* [sinumang nagpapasakop sa relihiyon ng gawain ng Diyos] *ay pinawalang-sala dahil sa kanyang pananalig"* (Roma 4:4-5).

C. Panlilinlang ni Satanas

1. Hindi ikinukumpara ang makipot at maluwang na daan sa relihiyon at paganismo.
   a. Hindi pinaglalaban ni Jesus ang matataas na uri ng relihiyon laban sa mababang-uri, o kaya'y ang Cristianismo laban sa lantarang imoralidad.
   b. Ang pagpipilian ay gawa ng Diyos o gawa ng tao. Pareho silang nagsasabing sila'y daan patungo sa langit.
   c. Ano kaya sa tingin ninyo ang nakatatak sa maluwang na pintuan?
2. Tandaan na si Satanas ay maestro ng panlilinlang sa relihiyon. Basahin ang 2 Corinto 11:14 at ipakilala kung ano ang kanyang nagagawa.
   a. Kaya naman, sa maluwang na pintuan ay *dito dumaraan ang marami* (Mateo 7:13).

D. Hindi Madali ang Pumasok sa Makipot na Pintuan

1. Sinasabi ng Panginoong Jesus na makipot ang tamang pintuan papasok sa kalangitan.
   a. Sabi ng maraming komentarista, ang pinakamahusay na larawan sa ngayon ng "makipot na pintuan" ay ang mga daraanan (turnstile) sa pagpasok sa mga grocery stores, tulad ng sa ShoeMart.
   b. Paisa-isa lamang ang maaaring makapasok dito sa bawat isang pagkakataon.
2. Walang nakapapasok sa kaharian ni Cristo bilang kasapi ng isang samahan.
   a. Maraming Judio sa panahon ni Jesus na umaasang papasok sila sa langit dahil sa kanilang sambayanang lahi na galing pa kay Abraham.
   b. Marami sa mga maninimba ngayon na umaasa sa pagkakasapi ng kanilang iglesya sa isang malaking denominasyon o dahil sila'y kasapi ng isang iglesya.
   c. Tinuwid ito ni Jesus dahil nga makipot ang pintuan, tiyak na maaari lamang papasukin nito nang paisa-isa ang taong maliligtas. Ang kaligtasan ay personal.
3. Mga talatang nagpapatunay na hindi nga madali ang makapasok sa makipot na pintuan.
   a. Basahin ang Lukas 13:23-24. Ano ang dalawang pandiwa na ginamit dito?
      1) Pagsikapan [Gk. agonizomai] – tumutukoy sa masidhi, matinding pagsusumikap at desididong pagdanas ng tiis.
      2) Parehong salita itong ginamit sa …
         a) 1 Corinto 9:25 patungkol sa isang manlalaro na nagsisikap na magwagi sa paligsahan;
         b) Ganoon rin sa Colosas 4:12 tungkol kay Epaphras na buong tiyagang naglilingkod;
         c) At sa 1 Timoteo 6:12 tungkol sa Cristianong *"nakikibaka alang-alang sa pananampalataya."*
   b. Isa itong pakikibaka, pagsisikap, at matinding pagpapagal na para bang may karahasang kasama.

[2] Ang upang nararapat ay kamatayan (Roma 6:23).

1) Basahin ang Mateo 11:12, Lukas 16:16 at Mga Gawa 14:22.
2) Ganoon din ang 1 Pedro 4:18.

E. Itinataboy ng Makipot na Pintuan ang Mga Ayaw Magpasakop

1. Ang kaharian ng Diyos ay hindi para sa mga taong nais tanggapin si Jesus nang walang pagbabago sa kanilang mga buhay.
2. Nasubukan na ba ninyong pumasok sa daraanang **turnstile** na dala-dalang bagahe? Ganyang ang larawan na nais ipakita ni Jesus sa Kanyang mga salita.
   a. Ang makipot na pintuan ay hindi sapat sa luwang na papapasukin nito ang mga sikat na tao na kasama ang kanilang mga ari-arian.
   b. Hinahanap ng mayamang binata hanggang kanyang matagpuan ang pintuan. Ngunit nang malaman niyang upang makapasok ay kailangan niyang bitawan ang kanyang mga ari-arian, siya'y lumakad palayo.
3. Ang mabuting balita ay kahit na makipot ang pintuan, sapat ang luwang nito upang mapapasok ang pinakamasama sa lahat ng makasalanan --- si Pablo (1 Timoteo 1:15).

F. Sa Mga Nagpupumilit Pumasok sa Langit --- Mas Nakakaakit ang Maluwang na Pintuan

1. Sa nagpupumilit na magdala ng kanilang mga bagahe, mas nakakaakit ang maluwang na pintuan.
   a. Nakatatak sa ibabaw nito ay "Langit" --- maaaring "Jesus" pa nga. Subalit hindi ito patungo sa langit at wala itong kinalaman kay Jesus.
   b. Ito ang pintuan ng relihiyon ng masa, isang maluwang at bukas na pintuan kung saan kahit sino'y maaaring makapasok na hindi kinakailangang bitawan ang kanilang pagmamatuwid, kapalaluan, kayamanan sa lupa, o pati na ang kanilang mga kasalanan.
   c. Walang kaligtasang matatagpuan o patutunguhan ang mga papasok dito.
2. Ang pagtanggap kay Cristo ay hindi nagngangahulugan na idinadagdag lamang natin si Jesus kasama ng ating mga basura sa buhay. Ang kaligtasan ay ganap na pagbabago ng buhay.
   a. Basahin ang 2 Corinto 5:17.
   b. Ganito ba ang nangyari sa iyong buhay? Binago ka ng pananalig kay Cristo o nagbabago ka para kay Cristo at tuloy makapasok sa Kanyang kaharian?

II. Ang Dalawang Daan (Mateo 7:14)

A. Ang Malapad na Daan

1. May kinalaman ang dalawang daan sa dalawang pintuan. Ganito rin ang binabanggit sa Awit 1:6.
2. Ang malapad na daan ay tiyak na madali.
   a. Walang bangin sa mga tabi nito.
   b. Malawak ang kalayaan ng sinumang nagnanais ng iba't-ibang uri ng immoralidad na inihahain ng mga nangangalakal sa daan.
   c. Halos walang sagabal, walang kurbada, at walang mga hangganan.
   d. Pinahihintulutan ang lahat ng uri ng kasalanan --- basta lamang sasabihin mong mahal mo si Jesus; o kaya'y sabihin mong ikaw nama'y relihiyoso.
3. Ang malapad pagdaan na daan ay hindi kinakailangan ng paninindigan.
   a. Maaari kang tumulad sa isang isda na nakalutang at tinatangay ng agos ng ilog. Ganyan ang sinasabi sa Efeso 2:2, *"ang masamang takbo ng sanlibutang ito."*
   b. Ito ang *"daang matuwid sa tingin ng tao, ngunit kamatayan ang dulo nito"* (Kawikaan 16:25).

B. Ang Daan ng Diyos ay Masikip

1. Isa itong daan na makipot na patungo sa buhay.
   a. Walang puwang upang makalihis o magbago ng daraanan.
   b. Wala ring puwang sa mga taong ang nais ay sila ang masunod.
2. Hindi hinahanap ni Jesus ang nakararami.
   a. Ang hinahanap at inililigtas Niya ay mga taong alam nilang sila'y nawawala.
   b. Hindi kailanman nang-udyok ng tao si Jesus na gumawa ng madaliang desisyon na Siya'y sundin nang hindi nila binibilang ang bigat at halaga nito.
   c. Sa katunayan, madalas na Kanya pa ngang nahahamon na lumayo ang mga posibleng maging tagasunod.
3. Hinamon ni Jesus ang pananampalataya ng mga nagsasabing sila raw ay mga alagad Niya.
   a. Talastas ni Jesus ang nananalig na tunay at hindi sa Kanya (Juan 6:64);
   b. Ano ang naging bunga ng paghamon ni Jesus? (t. 66);
   c. Pati nga ang labindalawang apostol ay Kanya ring hinamon (t. 67)
   d. Maliwanag na ayaw ni Jesus ng di-pirmihang tagasunod, kundi mga taong handang isakripisyo ang mga buhay para sa Kanya. Inilarawan ni Jesus ito sa Lukas 14:25-27.

4. Dapat asahan ng mga taong nasa makipot na daan ang pag-uusig.
    a. Basahin ang Juan 16:2. Mahirap maglakad sa makipot na daan na naka-yapak lamang. Hindi ito madamong bermuda grass!
    b. Hindi kailanman inihayag ni Jesus ang Cristianismo na isang malambot na opsyon sa malalambot at mahihinang ang tuhod.
    c. Kapag ang isang tao'y naging Cristian, tiyak na naghahayag na siya ng giyera laban sa impyerno. At tiyak na lalaban ang impyerno.
    d. Ang pagsunod kay Cristo at maaaring pagbayaran mo ng iyong buhay --- sa espirituwal na pananaw, ang naging halaga na nga nito ay ang iyong espirituwal na buhay.
    e. Hindi na kailangan pang lumapit ang mga malabot ang puso at salawahan.
5. Nakakatakot bang lakbayin ang daang ito?
    a. Hindi. Si Cristo mismo ang mangunguna sa daan at nagkakaloob ng lakas na kakailanganin upang tapusin ang lakbayin (cf. Filipos 4:12-13).
    b. Maginhawa ang pamatok at magaan ang pasaning ibibigay ni Cristo (Mateo 11:30)

III. Ang Dalawang Patutunguhan

A. Pangwalang-hanggang Destinasyon

1. Anumang daan o pinto ang pagpilian tiyak na parehong pangwalang-hanggan ang patutunguhan nito.
2. Ang maluwang na daan ay nagsimula sa madaliat habang tumatagal ay nagiging mahirap at nagtatapos sa impyerno.
3. Ang makipot na pintuan at makitid na daraanan ay mukhang di kaakit-akit sa unang tingin, subalit sila'y nagtuturo sa daang patungo sa buhay na walang hanggan.

IV. Ang Dalawang Pangkat ng Tao

A. Nakalulunos na Kalagayan ng Nakararami

1. Ang dalawang pangkat ay naglalakbay sa magkaibang daan.
    a. Ayon sa Mateo 7:13, marami ang papasok sa maluwang na pintuan na daraan sa malapad na daan.
    b. Sa t. 14, kaunti lamang ang nakatatagpo ng makipot na pintuan.
2. Kakaunti lamang ang papasok sa langit --- sa kaharian ng Diyos.
    a. Sa Mateo 22:14 sinabi ni Jesus, *"Sapagkat marami ang tinatawag, ngunit kakaunti ang nahihirang."*
    b. Sa Lukas 12:32, sinabihan ni Jesus ang Kanyang mga alagad, *"Huwag kayong matakot, munting kawan…"*
        1) Itong salita na "munti" ay *micron* at nangangahulugan na napakamunti o napakaliit.
        2) Ito ang Griegong salita na ginamit sa butil ng mustasa – pinamaliit na binhi.
        3) Ang mga natirang mananampalataya ay palagian nang kakaunti, kakaunting kaluluwa na naglilingkod sa kapangyarihan ng Diyos, nalalaman ang kanilang sariling kahinaan, ngunit handang bayaran ang halaga ng sakripisyo.
3. Subalit ang nakararaming bahagi ng sangkatauhan ay daraan sa malapad na daan. Ngunit hindi laging tama ang nakararami.

B. Malapad na Daan ang Likas na Pipiliin

1. Sa pananaw ng tao, likas o natural na pipiliin nila ay yaong malapad na daan.
    a. Mas gusto kasi ng tao ang kasalanan kaysa sa katuwiran. Ito ang sinabi ni Jesus sa Juan 3:19.
    b. Mas madali kasing sundan na lamang ang hakbang ng nakararaming pulutong ng tao.
        1) Maaari mo pa ngang idagdag si Jesus sa lahat ng iyong minamahal na mga kasalanan at ari-arian upang parang pakiramdam mo'y ikaw'y relihiyoso.
        2) Maaari ka pangang pumunta sa simbahan at maging aktibo o kaya'y walang pakialam ayon sa iyong nanaisin.
        3) Ang tangi lamang problema ay ang mas madali o likas ay nagwawakas sa kapahamakan.
2. Kumbinsido si Dr. MacArthur, Jr. na ang tanyag na mensahe na ng ebanghelyo na siyang ibinabahagi ngayon ay nakakaakit nga ng mga tao sa ganitong uri ng panlilinlang.
    a. Nangangako ito ng kamangha-mangha, komportableng plano para sa buhay ng bawat isa.
    b. Binubura nito ang mapanalakay na kalagayan ng krus (cf. 1 Corinto 1:23; Galacia 5:11).
    c. Bagaman inihahayag nito na si Cristo ang Daan, Katotohanan, at Buhay, wala naman itong sinasabi tungkol sa makipot na pintuan o makitid na daan.
    d. Ang paksa nito ay pag-ibig ng Diyos, at ni hindi man lamang nababanggit ang poot ng Diyos.
    e. Ang tingin nito sa tao ay kapus-palad at hindi mga tampalasan.

f. Puno ito ng pag-ibig at pag-unawa, ngunit ni hindi man lamang nababanggit ang isang banal na Diyos na namumuhi sa kasalanan.

Pagtatapos

- *"Makipot ang pintuan at makitid ang daang patungo sa buhay, at kakaunti lang ang nakasusumpong niyon."* Paano pa banag liliwanag si Jesus kaysa rito?
- Ito lamang ang daan na itinuturo ng Kanyang ebanghelyo. Hindi ito madali o tanyag na daanan, ngunit ito lamang ang patutungo sa walang hanggang kaluwalhatian.